Presented at the 10th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 16, 2017

# PAGTALUNTON SA PAPEL NG KOLEHIYO NG STA. ESKOLASTIKA, MAYNILA SA PAGPAPAUNLAD NG KALAGAYAN NG MGA KABABAIHAN SA LIPUNAN: ISANG PAG-AARAL SA MGA PANININDIGAN NG PAARALAN HINGGIL SA MGA ISYUNG PANGKABABAIHAN AT PANLIPUNAN

Romero, Carlo Angelino M.
Departamento ng Filipino
De La Salle University
carlo_romero@dlsu.edu.ph

Castronero, Sharon Joy T.
Departamento ng Filipino De
La Salle University
sharon_castronero@dlsu.edu.ph

Abstrak: Taong 2016, ipinagdiwang ng Kolehiyo ng Sta. Eskolastika, Maynila ang ikaisandaan at sampung taong anibersaryo nito bilang isang institusyong nakatuon sa paglilingkod sa Panginoon. Isinusulong nito ang kahusayan sa iba't ibang larangan partikular sa edukasyon na magagamit ng mga mag-aaral na kanilang hinuhubog upang maging Tagapagtaguyod ng Panlipunang Pagbabago ayon sa mga aral nina San Benito at Sta. Eskolastika, bilang gabay upang maisakatuparan ang mga mithiing nabanggit. Kaakibat ng ganitong oryentasyon na may malaking tuon sa pagkakaroon ng responsibilidad sa bayan, kilala ito sa pagkakaroon ng tinig at tindig sa mga isyung panlipunan bilang pagpapakita ng malasakit sa bayan at pagpapatunay na nararapat pakinggan ang boses ng mga kababaihan sa lipunang nakakulong pa rin sa paniniwalang patriyarkal.

Tinalunton o minapa ng pananaliksik na ito ang papel ng paaralan sa pagpapataas ng kamalayang panlipunan at ang mga ambag nito sa pagpapaunlad ng kalagayan ng mga kababaihan. Kinapanayam ang ilang mga personalidad sa likod ng adbokasiya ng paaralan pati na rin ang mga produkto nito na naglingkod at patuloy pa ring naglilingkod sa kanilang minamahal na alma mater at ang mga kadahilanan ng kanilang pagbalik at pananatili rito.

Sinuri ng mga mananaliksik ang kanilang mga tugon sa pamamagitan ng mga simulain ng teoryang Feminismo at Sosyolohikal upang makita ang

kahalagahan ng pananaliksik na ito sa pagbibigay ng ideya sa mga kabataan o sino man na maaaring maging bahagi nito at ang iba't ibang sektor ng lipunan na nagtataguyod ng mga karapatang pangkababaihan upang malinawan sa mga paninindigan ng institusyon para sa pagbabago.